**MGA SUSING PANGUNGUSAP PARA SA 2022 MEMORIAL DAY CONFERENCE**

**Kinakain ang puno ng buhay, yaon ay, tinatamasa si Kristo bilang ating tuston ng buhay,
ay dapat maging ang pangunahing bagay sa buhay ekklesia.**

**Ang dalawang puno sa Genesis 2:9—
ang puno ng buhay at ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama—
ay kumakatawan sa dalawang prinsipyo—
ang prinsipyo ng buhay at ang prinsipyo ng tama at mali.**

**Ang pagbabawi ng Panginoon ay isang pagbabawi
ng pag-ibig sa Panginoong Hesus taglay ang unang pag-ibig, ang pinakamainam na pag-ibig,
at ang pagkain sa Panginoong Hesus bilang ang puno ng buhay
para sa pagtatayo ng organikong Katawan ni Kristo,
na siyang pagtatayo ng Bagong Herusalem
bilang ang gol ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos.**

**Bilang isang pagpaparami ni Kristo bilang ang puno ng buhay,
tayp, ang mga mananampalataya kay Kristo at mga anak ng Diyos,
ay hindi lamang nagtataglay ng buhay na walang hanggan at mararanasan ang buhay na walang haggan,
bagkus maihahain din ang buhay na ito sa ibang sangkap ng Katawan ni Kristo.**

*© 2022 Living Stream Ministry*

**PAMBUNGAD:**
**PAGTAHAK SA DAAN NG PAGTATAMASA KAY KRISTO BILANG ANG PUNO NG BUHAY**

**Napakahalagang Salamuha mula kay Kapatid Lee**

**"Ang puno ng buhay ay sumasagisag kay Kristo na siyang namamahagi ng buhay sa tao at siyang nagpapalugod at nagbibigay-kasiyahan sa tao"—*Life-study of Genesis,* p. 141.**

**"Ang isang bagay na kailangan natin ay ang tamasahin ang Panginoon bilang ang puno ng buhay"—*The Tree of Life,* p. 23.**

**"Noong Mayo taong 1943…dinapuan ako ng malalang kaso ng tuberculosis…Nakita ko ang puno ng buhay sa panahon ng dalawa't kalahating taon ng aking karamdaman. Sa dalawa't kalahating taong iyon ay nakita ko na sa pagbabawi ng Panginoon at sa Kanyang gawain ay kapos tayo sa buhay. Bawa't uri ng suliranin, anupaman ito, ay resulta ng isang kakulangan sa buhay. Nang makita ko ito, ako ay lubhang nagsisi, lubos akong nagpahayag ng kasalanan at nagkaroon ng masusing pagsisisi sa harap ng Panginoon, at nagkaroon din ako ng maraming pagtutuos sa harap Niya…Ang mga mensahe tungkol sa puno ng buhay ang nagligtas sa maraming banal at nagpalaya din sa maraming kapatid sa Nanking. Dahil sa apat na taong kaguluhan sa ekklesia sa Shanghai, nasiraan ng loob at nanlumo ang mga banal sa loob ng ilang taon at walang anumang magawa. Ang mga mensaheng ito ang nagpalaya sa kanilang espiritu at nagbigay ng kaliwanagan sa kanilang puso…Nagpapasalamat ako sa Panginoon na sa pamamagitan ng mga mensahe tungkol sa puno ng buhay, ang ekklesia sa Shanghai ay gumaling…Ang mga mensahe tungkol sa puno ng buhay ang naglatag ng isang pundasyon para sa pagpapanauli ng ekklesia sa Shanghai"—*The History and Revelation of the Lord's Recovery,* vol. 1, pp. 130, 133, 135, 138.**

**"Ang pagkain sa puno ng buhay, yaon ay, ang pagtatamasa kay Kristo bilang ating panustos ng buhay, ay dapat maging ang pangunahing bagay sa buhay-ekklesia"—Apoc. 2:7, talababa 6, saknong 4.**

**"Ang masamang kalagayan ng masasamâ ay yaong hindi sila dumudulog sa Panginoon upang kainin at tamasahin ang Panginoon…Gumagawa sila ng maraming bagay, subalit hindi sila dumudulog upang kaugnayin ang Panginoon, upang kunin Siya, upang tanggapin Siya, upang tikman Siya, at upang tamasahin Siya. Sa paningin ng Diyos, wala nang mas masama pa kaysa dito"—Isa. 57:20, talababa 1.**

**Ang intensiyon ng Diyos para sa tao ay ang ibigay ang Kanyang sarili bilang ang puno ng buhay sa tao upang tamasahin ng tao. "Ang makita na ninanais ng Diyos na tamasahin natin Siya at na hindi Niya ninanais na tayo ay gumawa ng anumang bagay para sa Kanya ay ang makita na ang buhay-Kristiyano ay isang bagay ng pagtatamasa…Kung ang ating konsepto ay mababago nang sa gayon ay makita natin ang dalawang puntong ito, magiging madali para sa atin na mamuhay ng isang buhay ng pagtatamasa sa Diyos"—*The Vision of the Tree of Life and the Tree of the Knowledge of Good and Evil,* p. 60.**

**"Kung tatahakin natin ang daan ng pagtatamasa sa Diyos, dapat tayong magkaroon ng isang pagbabago ng konsepto…Kung nais nating makapasok sa realidad ng pagtatamasa sa Diyos, dapat tayong makakita ang isang nagkokontrol na pangitain…Nang ako ay apatnapung taong gulang ay saka lamang inihayag ng Panginoon sa akin ang daan ng pagtatamasa sa Kanya. Ako ay nadismaya na sa loob ng dalawampung taon, karamihan sa aking oras at lakas ay nasayang. Karamihan sa aking mga panalangin ay walang halaga, at ang oras na ginugol ko sa pagbabasa ng Biblia at ibang espiritwal na aklat ay wala ring halaga. Ito ang panahon nang matanto ko na ang ating paraan sa paggawa ay mali at na ang ating paraan sa espiritwal na paghahabol ay mali rin…Dahil nagdusa ako ng malaking kawalan mula sa pagtahak sa maling daan, ayaw kong ulitin ng iba ang parehong pagkakamali. Umaasa ako na tatahakin ng iba ang daan ng pagtatamasa sa Diyos. Nagsusumamo ako sa mga banal na huwag nang tahakin ang maling daan. Dapat nating isaalang-alang ang ating dating paraan ng paghahabol. Dapat tayong magkaroon ng drastikong pagbabago ng konsepto. Kailangan nating magkaroon ng isang nagkokontrol na pangitain"—*The Vision of the Tree of Life and the Tree of the Knowledge of Good and Evil,* p. 51.**

*© 2022 Living Stream Ministry*

**Balangkas ng mga Mensahe**
**para sa Memorial Day Conference**
**Mayo 27-30, 2022**

**PANGKALAHATANG PAKSA:**
**PAGTAHAK SA DAAN NG PAGTATAMASA KAY KRISTO BILANG ANG PUNO NG BUHAY**

Mensahe Isa

## Pagtahak sa Daan ng Pagtatamasa kay Kristo bilang ang Puno ng Buhay para sa Pagsasakatuparan ng Walang Hanggang Ekonomiya ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 2:7-9; Apoc. 2:7; 22:14; Juan 1:4; 14:6a; 10:10b; 6:35, 57, 63

**I. Sa Genesis 2 ay makikita natin ang dalawang pagpipilian sa harap ng tao—ang puno ng buhay at ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama—bb. 7-9:**

A. Ipinapakita ng dalawang puno na sa sansinukob na ito ay may dalawang kalooban, dalawang pinagmumulan, at dalawang posibilidad para piliin ng tao gamit ang kanyang malayang pagpapasya—cf. Deut. 30:19-20.

B. Ang puno ng buhay ay sumasagisag kay Kristo, ang pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos, bilang buhay sa tao sa anyo ng pagkain upang tamasahin Siya ng tao at mabuoan Niya para sa Kanyang kaluwalhatian, ang Kanyang sama-samang kahayagan, sa gayon ay isinasakatuparan ang orihinal na intensiyon ng Diyos ayon sa Kanyang walang hanggang ekonomiya—Gen. 1:26; Isa. 43:7; Gen. 2:9; Apoc. 2:7; 22:14; Juan 1:4; 14:6a; 10:10b; 6:35, 57, 63; Apoc. 21:10-11; cf. 4:3:

1. Ang puno ng buhay, ang puno ng Diyos, ang punong-Diyos, ay ang sentro ng sansinukob.
2. Nagsisimula ang Lumang Tipan sa puno ng buhay (Gen. 2:9), at ang Bagong Tipan ay nagtatapos sa puno ng buhay (Apoc. 22:2, 14); kaya, ang kaisipang ang Diyos bilang buhay ng tao ay bumabagtas sa buong dibinong pahayag.
3. Ang paglalagay ng Diyos sa tao sa harap ng puno ng buhay ay nagpapahiwatig na ninanais ng Diyos na tanggapin Siya ng tao bilang kanyang buhay sa pamamagitan ng organikong pagkain sa Kanya at metabolikong pag-asimila sa Kanya, upang ang Diyos ay maging ang mismong pagkakabuo ng katauhan ng tao—Juan 6:57, 63; Jer. 15:16; Mat. 4:4.

C. Ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama ay sumasagisag kay Satanas bilang ang pinagmumulan ng kamatayan sa tao—Heb. 2:14:

1. Ito rin ay sumasagisag sa lahat ng bagay na bukod sa Diyos, sapagkat anumang bagay na hindi ang Diyos Mismo, kasama ang mga mabubuting bagay at maging ang mga bagay na ayon sa kasulatan at mga relihiyosong bagay, ay maaaring gamitin ni Satanas, ang tusong isa, upang magdala ng kamatayan sa tao—Juan 5:39-40; 2 Cor. 3:6b.
2. Ang mabuti at masama ay hindi isinagisag ng dalawang puno kundi ng isang puno, ang ikalawang puno; kaya, ang paghahanap ng mabuti na liban pa sa Diyos ay nabibilang kay Satanas.
3. Ang tunay na mabuti ay ang Diyos mismo; kaya, ang pagtatamo sa Diyos ay katumbas ng pagtatamo sa tunay na mabuti—Mat. 19:17a; Marc. 10:17-18; Aw. 16:2.

D. Ang puno ng buhay ay nagsasanhi sa tao na magdepende sa Diyos (Juan 15:5), subalit ang puno ng kaalaman ay nagsasanhi sa tao na magrebelde laban sa Diyos at maging mapagsarili mula sa Kanya (cf. Gen. 3:5):

1. Ang pagkain ay nagpapahiwatig ng pagdepende; yaong ang Diyos ang ating pagkain, sinasagisag ng puno ng buhay, ay nangangahulugan na dapat tayong patuloy na magdepende sa Diyos.
2. Ang puno ng kaalaman ay nagpapahiwatig ng pagsasarili; sa mga mata ng Diyos, ang unang kasalanan ng tao at ang pinakamalaking kasalanan ay ang pagsasarili.

E. Ang dalawang puno ay nagreresulta sa dalawang linya, dalawang daan—ang daan ng buhay at ang daan ng kamatayan—na bumabagtas sa buong Bibliya at nagtatapos sa aklat ng Apocalipsis:
   1. Ang kamatayan ay nagsisimula sa puno ng kaalaman (Gen. 2:17) at nagtatapos sa dagat-dagatang apoy (Apoc. 20:10, 14).
   2. Ang buhay ay nagsisimula sa puno ng buhay at nagtatapos sa Bagong Herusalem, ang lungsod ng tubig ng buhay—22:1-2.

**II. Dapat tayong manatili sa daan ng buhay, ang linya ng buhay, sa pagpapanatili ng buhay sa pamamagitan ng pagtatamasa kay Kristo bilang ang puno ng buhay para sa pagtatayo ng Diyos sa buhay sa pamamagitan ng ating paglago sa buhay—Juan 10:10b; Apoc. 22:1-2; Efe. 4:16; 2:21-22; Col. 2:19:**

A. Tayo ay nananatili sa daan ng buhay sa pamamagitan ng pamumuhay at paglilingkod ayon sa prinsipyo ng buhay, hindi ayon sa prinsipyo ng tama at mali:
   1. Dapat tayong mamuhay at kumilos ayon sa panloob na pandama ng buhay sa ating espiritu, ang pangunguna ng buhay, hindi ayon sa tama at mali—Roma 8:6; 2 Cor. 2:13.
   2. Ang pamantayan para sa Kristiyanong pamumuhay ay ang presensya ng nananahanang Kristo sa loob natin; hindi ito isang katanungan ng kung ano ang tama o mali kundi kung ang dibinong buhay ba sa loob natin ay sumasang-ayon sa isang bagay o hindi—Mat. 17:3, 5, 8; cf. Mal. 2:15-16.

B. Tayo ay nananatili sa daan ng buhay sa pamamagitan ng pag-ibig sa Panginoon nang lubusan, binabatak ang iba na maghabol sa Kanya—Marc. 12:30; A. A. 1:4a:
   1. Upang matamasa si Kristo bilang ang puno ng buhay, dapat nating sabihin sa Kanya sa lahat ng panahon, “Panginoong Hesus, iniibig Kita”; kung tayo ay may isang nagniningas na pag-ibig sa Panginoong Hesus, binibigyan Siya ng unang puwesto sa lahat ng bagay, tatamasahin natin ang lahat ng kung ano Siya—Apoc. 2:4-5, 7.
   2. Upang matamasa si Kristo bilang ang puno ng buhay, dapat nating ipagkatipan ang mga tao sa Kanya, dinadala sila tungo sa tunay na pagpapahalaga, pag-ibig, at pagtatamasa sa mahalagang persona ng Panginoong Hesus—2 Cor. 11:2-3.

C. Tayo ay nananatili sa daan ng buhay sa pamamagitan ng pagkain kay Hesus sa pamamagitan ng pagbabasa-dalangin ng Salita, pagbubulay-bulay sa salita, at paghahain ng salita bilang ang Espiritu tungo sa iba sa pamamagitan ng pag-eensayo ng ating espiritu ng pananampalataya—Juan 6:57, 63; Jer. 15:16; Aw. 119:15; Mat. 4:4; 24:45; 1 Cor. 2:4-5, 13:
   1. Dapat natin Siyang tamasahin sa Salita nang maaga sa umaga upang magkaroon ng isang bagong panimula ng bawat araw, at dapat nating tanggapin ang Kanyang salita nang may marami at maingat na pagsasaalang-alang—Aw. 119:15, 147-148; cf. Lev. 11:3.
   2. Dapat nating salitain si Kristo sa lahat ng uri ng tao araw-araw napapanahon man o hindi (Gawa 5:42; 8:4; 2 Tim. 4:2) at desperadong magsikap na itaguyod ang kaugaliang magsalita sa anumang pagpupulong (1 Cor. 14:26, 4-5, 12, 31).

D. Tayo ay nananatili sa daan ng buhay sa pamamagitan ng pagtatamasa sa Tres-unong Diyos bilang ang kautusan ng Espiritu ng buhay kalakip ang dibinong kapasidad nito—Roma 8:2; Jer. 32:39:
   1. Sa hardin ng Eden na may dalawang puno, nakikita natin ang buhay, mabuti, at masama; tayo ay isang munting halamanan ng Eden kalakip ang kautusan ng Espiritu ng buhay sa ating espiritu, ang kautusan ng mabuti sa ating natural, mapagsariling kaisipan, at ang kautusan ng masama sa ating laman—Roma 7:23; 8:2, 16.
   2. Dapat nating “i-switch on” ang kautusan ng Espiritu ng buhay sa pamamagitan ng paglakad ayon sa espiritu at paglagak ng ating kaisipan sa espiritu para sa pamamahagi ng Tres-unong Diyos bilang buhay sa ating katauhang may tatlong bahagi—bb. 2, 4, 6, 10-11.

E. Tayo ay nananatili sa daan ng buhay sa pamamagitan ng pamumuhay sa pagkabuhay na muli, sa realidad ng ekklesia bilang ang Katawan ni Kristo, na isinasagisag ng gintong patungan ng ilawan

bilang puno ng pagkabuhay na muling buhay; ito ay upang mataglay natin ang kaluwalhatian ng Diyos para sa kahayagan ng Diyos bilang ang lungsod ng buhay, ang Bagong Herusalem—Efe. 1:22-23; Exo. 25:31-40; Apoc. 1:11-12; 21:10-11.

**III. Ang namumukod-tanging daan upang tayo ay maging mga mandaraig ay sa pamamagitan ng pagkain at pagtatamasa kay Kristo bilang ang puno ng buhay nang sa gayon tayo ay matransporma sa buhay upang maging ang lalaking-anak para sa pagtatanghal ng katagumpayan ni Kristo at upang tayo ay maging ang kasintahang babae para sa kasiyahan ni Kristo—2:7, 17; 3:20-21; 12:5-12; 19:7-9; 22:2, 14.**

*© 2022 Living Stream Ministry*